ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVI Blg. 12
Oktubre 7, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Ibayong paglaban ng mga magbubukid sa mga patakarang neoliberal

Dapat gamiting pagkakataon ng masang magbubukid ang nakatakdang pulong sa Nobyembre ng mga lider ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) sa Pilipinas para ipamalas ang kanilang galit at protesta sa dinaranas nilang lumalalang pang-aapi at pagdurusa sa ilalim ng mga patakarang neoliberal na itinulak ng APEC at iba pang ahensya at instrumento ng imperyalismo.

Dapat itong gamiting okasyon para makipagkaisa sa buong sambayanang Pilipino sa pagtuligsa sa lumalalang imperyalistang pandarambong at pang-aapi sa bansa.

Mula ngayong Oktubre, Buwan ng mga Magbubukid, dapat puspusan nilang ilantad ang lumalala nilang kalagayan sa ilalim ng tatlong dekadang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal sa Pilipinas at sa ibinunga nitong lalong paglalim at paglubha ng krisis ng buong malakolonyal at malapyudal na sistema sa bansa.


Sa bigat ng mga patakarang neoliberal, lalo pang nasasadlak ang Pilipinas sa pagiging atrasado, di industriyal at agraryo. Dahil walang tunay na reporma sa lupa at laganap ang pangangamkam ng lupa, lalong dumarami ang mga magsasakang walang sariling lupang sinasaka. Ang nakararaming mahihirap na magsasaka at mga manggagawang bukid ang dumaranas ng pinakamasahol na kundisyon dahil sa mababang pasahod, pambabarat sa presyo ng mga produkto, usura at mataas na presyo ng mga bilihin. Dahil walang pambansang industriyalisasyon, lalong dumarami ang mga magsasakang nilulunod sa palawak nang palawak na dagat ng mga walang hanapbuhay.

Sa kanayunan, nananatiling laganap ang maliitan, atrasado at hiwa-hiwalay na indibidwal na produksyon. Kasabay nito, sa tulak ng patakarang neoliberal, lalong pinalawak ang ilandaan libong ektaryang lupain na sakop ng mga asyenda at kapitalistang plantasyon para sa pinalalawak na produksyong agrikultural na nakatuon sa eksport.

Lalo pang nalulugmok sa kahirapan at kaapihan ang masang magbubukid sa bansa matapos ang tatlong dekada ng mga patakarang neoliberal. Lalong lumala ang kawalan ng lupa, ang malawakang pangaagaw ng lupa at konsentrasyon ng pag-aari nito sa kamay o kontrol ng malalaking kumpanyang dayuhan at mga kasosyo nitong malalaking panginoong maylupa at komersyante.

Ang magkakasunod na reaksyunaryong gubyernong nagtaguyod sa doktrinang neoliberal ay pawang kontra sa pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa. Binusalan ng mga ito ang matagal nang daing ng masang magbubukid para sa demokrasya at katarungang panlipunan. Binabalewala ang malaon nang sigaw na wakasan ang monopolyong pag-aari at kontrol sa lupa ng iilan at mga dayuhan na salalayan ng dinaranas nilang iba't ibang anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal.

Sa nakaraang 27 taon, ipinatupad ng limang magkakasunod na




maka-asenderong reaksyunaryong gubyerno ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) upang linlangin ang masang magsasaka. Sa pamamagitan ng CARP, at pagpapalawig nito sa CARP Extension with Reforms o CARPER, pinalalabas ng reaksyunaryong estado na tinutugon nito ang hinihinging reporma sa lupa.

Taliwas sa ipinaglalabang katarungang panlipunan at demokrasya, ang CARP ay isinakatuparan alinsunod sa neoliberal na konsepto na ang lupa ay maaari lamang ariin katumbas ng halagang itinatakda ng pamilihan. Itinakda ang halaga ng lupa ayon sa produktibidad at kinikita nito. Katumbas ng halagang ito ang kompensasyon o kabayaran sa mga panginoong maylupa; at amortisasyong pinababayaran sa mga magsasaka.

Ipinatupad rin ang iba't ibang iskema para ikutan ang aktwal na pamamahagi ng lupa sa mga magbubukid tulad ng noo'y *stock distribution option* at *corporatization* na ngayo'y mga maanomalyang *leasehold* na labag mismo sa CARP. Upang muling ibalik sa panginoong maylupa ang mga lupang "naipamahagi na", laganap ngayon ang pagpapatupad ng sistemang aryendo o prenda. Tampok na kaso ang pagpapatupad nito sa Hacienda Luisita ng pamilyang Aquino-Cojuangco at iba pang malalaking asyenda na ngayo'y nananatiling buo at nasa kamay ng malalaking panginoong maylupa.

Ang "reporma sa lupa" sa ilalim ng CARP, kung gayo'y, walang pinagkaiba sa isang transaksyon ng pagbebenta ng lupa. Bingi ito sa sigaw para sa katarungang panlipunan. Alinsunod sa doktrina ng "di pakikialam ng estado", walang hakbangin ang reaksyunaryong gubyerno para tiyaking mapapasakamay at mapakikinabangan ng mga magsasaka ang lupang kanilang binubungkal. Taliwas rito, ipinapataw pa ang mga pabigat na lalong nagpahirap sa mga magsasaka. Dahil dito, halos 90% ng mga "benepisaryo" ng CARP ang hindi na makapagbayad ng amortisasyon o nabawian na ng kanilang lupa.



Sa nagdaang halos tatlong dekada, nagsilbi ang CARP sa pagtutulak ng mga patakarang neoliberal sa sektor ng agrikultura. Binigyang-daan din ng CARP ang iba't ibang iskema upang mapasailalim ang malalawak na lupain sa kontrol ng dayuhang malalaking kapitalistang kasosyo ng mga panginoong maylupa.

Ang tinaguriang mga "agrarian reform community" (ARC) ay ginamit na mekanismo upang ang kalat-kalat na maliitang produksyon ay mapailalim sa malawak na sistema ng produksyong pang-eksport, laluna ng *palm oil,* gayundin ng goma, saging, pinya, mais, cacao at iba pa. Sa pamamagitan ng mga *agribusiness venture agreement* (AVA), ang maliliit na magsasaka ay inoobligang pumasok sa mga kontrata para suplayan sila ng binhi, mga pestisidyo at iba pang kagamitan kapalit ng pagbili sa produkto. Sa gayon, ang indibidwal na produksyon ng mga magsasaka ay ipinaiilalalim sa dominasyon ng mga komersyanteng kasosyo ng mga dayuhang malalaking kapitalista na nangangailangan ng nabanggit na mga hilaw na materyales.

Lalong pinalalakas ang dayuhang kontrol sa malalawak na lupain sa Pilipinas upang itulak ang produksyong pang-eksport, itayo ang mga imprastrukturang may dayuhang pautang (tulad ng mga dam at dike) at bigyang-pagkakataong dambungin ang likas na yaman ng bansa. Isinasapanganib ang lokal na produksyon ng pagkain.

Itinutulak ngayon ang pagbabago sa konstitusyong 1987 upang alisin ang pagbabawal sa dayuhang pag-aari ng lupa sa Pilipinas. Ha-


ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 12 | Oktubre 7, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


Editoryal: Masang magbubukid, magkaisa laban sa neoliberalismo 1
REAP Mindanao Network, itatatag 3
Rekonsentrasyon ng lupa sa HLI 4
APEC: Sabwatan at bangayan 5
Protesta ng mga mangingisda 6
Protesta ng manininda 6
Nakaligtas sa Yolanda, nagprotesta 8
Internasyunal na araw ng protesta 8
Sundalo, binihag sa Agusan 9
2 magsasaka, pinaslang sa Bulacan 10
Gera laban sa Lumad 11
Bulok na pananaw ng pulitiko 12
Magsasaka, pinaslang sa Samar 12



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

bang may pagbabawal sa ilalim ng konstitusyong 1987, nilulusutan ito sa pamamagitan ng paggamit ng kasosyong lokal na malalaking komprador. Nariyan din ang iba't ibang batas na nagbibigay sa kanila ng karapatang halos ariin ang lupa tulad ng Foreign Bank Liberalization Act na nagbibigay ng karapatan sa mga dayuhang bangko na ariin nang ilang taon ang lupang ginamit na kolateral sa mga di nabayarang utang; tulad rin ng Mining Act na nagbibigay karapatan na dambungin at huthutin ang yaman ng lupa.

Mula maagang bahagi ng dekada 1990, ipinatupad sa ilalim ng General Agreement on Tariffs and Trade/World Trade Organisation ang todo-todong liberalisasyon ng kalakalan, kabilang ang pagbabaklas ng mga taripa sa mga inaangkat na produktong agrikultural.

Sa bulag na pagsunod sa neoliberalismo, walang ginawa ang magkakasunod na reaksyunaryong gubyerno sa Pilipinas para alalayan ang lokal na maliliit na magsasaka sa harap ng pagdagsa ng bawang, sibuyas, bigas, karneng manok at baboy at iba pang mga produktong agrikultural. Ito ay sa kabila na sa US, Japan, China, Vietnam, Thailand, Malaysia at iba pang bansa ay patuloy ang subsidyo at kontrol ng estado sa produksyong agrikultural tulad ng bigas, kaya naman nakapagtatambak sa Pilipinas ng murang mga produkto sa kapinsalaan ng lokal na produksyon.

Bingi ang reaksyunaryong estado sa sigaw na itaas ang presyo ng pagbili sa lokal na palay. Sa halip, pinahintulutan ang lubos na pagbuhos sa bansa ng imported na bigas. Binigyang-daan rin nito ang paglala ng ismagling at korapsyon sa mga kontrata sa importasyon at ang manipulasyon upang pumaimbulog ang presyo ng bigas.

Pasanin sa balikat ng milyun-milyong masang magsasaka ang mga patakarang neoliberal. Patuloy ang kanilang sigaw para sa demokrasya at katarungang panlipunan sa harap ng kawalan ng tunay na reporma sa lupa. Nananatili ang malalawak na monopolyo sa lupa ng malalaki at dambuhalang mga panginoong maylupa.

Sa harap ng nagpapatuloy na pandaigdigang krisis ng kapitalismo, ibayong pinagsasamantalahan ang atrasadong sistema ng produksyon upang pagkunan ng murang hilaw na materyales. Sa landas na ito itinutulak ang Pilipinas at iba pang mga bansang malakolonyal na pinaghaharian ng mga imperyalistang bansa.

Sa ilalim ng bigat ng neoliberalismo, lumalala at lumilitaw ang iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa masang magsasaka. Lalong dumadalas at nagiging malupit ang mga kaso ng pang-aagaw ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka.

Lalong lumalaganap ang usura sa harap ng tulak na gumamit ng mga komersyal na binhi at ng kinakailangang mamahaling mga abono't pestisidyo. Habang nariyan ang malalaking usurero, lumalaganap rin ang simbigat na pautang ng mga "bangkong rural" at "development corporation".

Karaniwang binabarat ang mga magsasaka sa pagbili ng produkto na lalong naglulubog sa kanila sa utang at kahirapan. Biktima rin sila ng walang-awat na pagtaas ng presyo ng bilihin at ng kawalan ng pampublikong serbisyong pangkalusugan at edukasyon.

Dapat ibwelo at puspusang isulong sa buong bansa ang mga paki-



kibakang anti-pyudal ng masang magsasaka. Dapat ilantad ang lumalalang mga anyo at paraan ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala na bunga ng ibayong tulak ng mga neoliberal na patakarang ipinapataw ng imperyalismong US at iba't ibang mga ahensya nito. Hangga't pinalalala ng imperyalismo ang pyudalismo sa malawak na kanayunan, hindi makakayanan ang pagpapaunlad ng baseng industriyal at ng ekonomya sa pangkalahatan.

Dapat itaguyod ng sambayanang Pilipino ang mga pakikibaka ng masang magbubukid laban sa iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi. Sa kabilang panig, dapat mahigpit na ikawing ng masang magsasaka ang kanilang mga pakikibaka sa pakikibaka ng buong bayan para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

## Pagkakaisa laban sa pagpapalawak ng mga plantasyon, itatayo

ILULUNSAD sa Oktubre 28 ang Resist Expansion of Agricultural Plantations (REAP) Mindanao Network sa National Conference on Plantations in Mindanao sa University of the Philippines na gaganapin sa Diliman, Quezon City upang pagkaisahin ang iba't ibang organisasyon at indibidwal na tumututol sa pagpapalawak ng mga plantasyon sa Mindanao.

Layunin ng REAP na kamtin ang malawak na lokal at internasyunal na suporta ukol sa mga isyu sa Mindanao. Nasa Mindanao ang malaking bahagi sa tinatayang likas na yaman ng bansa, ngunit kontrolado ito ng mapanghimasok na mga transnasyunal o multinasyunal na mga korpora-

syon at ng mga kasapakat nilang lokal na korporasyong agribisnes.

Narito rin ang pinakamalalaking plantasyon ng goma, saging at pinya, sa ilalim ng mga higanteng korporasyong Del Monte, Sumifru at Dole sa Bukidnon, South Cotabato, Sarangani, Compostela Valley at Davao. May isang milyong ektarya ng kaparangang ginagawa na ngayong plantasyon ng *oil palm* sa Sultan Kudarat, North Cotabato, Caraga at Northern Mindanao.

Ipinanawagan ng mga pasimuno ng REAP na wakasan ang monopolyo sa lupa, pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka. Ipinanawagan din nila ang paggalang sa buhay, kabuhayan, tradisyunal na mga paniniwala at kultura ng mga komunidad na katutubo na apektado ng mga plantasyong agrikultural. Itataguyod nila ang kapakanan ng mga manggagawang agrikultural laban sa pagtatanggal sa trabaho, kontraktwalisasyon, at iba pang anyo ng pleksibleng paggawa, mala-aliping sahod, mga banta sa kalusugan at di-makataong kalagayan sa paggawa sa mga plantasyon at kaugnay na planta at pagawaan. Ipinanawagan din nila ang pagwakas sa kawalang-pananagutan at pagtaguyod ng mga karapatang sibil at pulitikal ng mamamayan. Layunin nila ang pagtigil sa pagsira sa kalikasan dulot ng pagpapalawak ng mga plantasyon. Para sa REAP, krusyal na papel ng sektor ng agrikultura sa pagkamit ng tunay na pambansang kaunlaran sa pamamagitan ng reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at iba pang sustenable at maka-mamamayang hakbang.

Ang pagbubuo ng REAP Mindanao Network ay pangungunahan ng Rural Missionaries of the Philippines, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura, at Center for Trade Union and Human Rights. AB

# Rekonsentrasyon ng lupa sa Hacienda Luisita, binatikos

Kinundena ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang samutsaring iskema na ipinatutupad ng rehimeng US-Aquino para muling ipailalim sa kontrol ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang lupang sinasabing ipinamahagi na sa Hacienda Luisita Incorporated (HLI).

Isa sa mga iskemang ito ang "sugar block farming" o ang paggugrupu-grupo ng maliliit na parsela ng lupang nakapailalim sa CARP. Ang mga "bloke" na ito, na may laking 30 hanggang 50 ektarya, ay para sa tuluy-tuloy na lakingasyendang pagtatanim ng tubo.

Noon pa man ay tinutulan na ito ng mga magsasaka dahil ibabalik lamang nito ang kontrol sa pagsasaka at produksyon ng kanilang mga lupa sa pamilyang Cojuangco-Aquino na aaktong solong bibili ng kanilang mga ani. Batid nila na sa ilalim ng *block farming*, sa papel na lamang ang kanilang pag-aari sa lupa, at sa aktwal ay magiging mga mangagawang bukid ulit sila sa sistemang asyenda.

Sa kabila ng pagtutol dito, nagkutsabahan ang Department of Agriculture, Department of Agrarian Reform at Sugar Regulatory Commission para ituloy ang iskema. Nitong Setyembre, inianunsyo ng tatlong upisina ang paglalaan ng P2 bilyon badyet para sa *sugar block farming.* Hindi kaiba ang *block farming* sa *agribusiness ventures agreements* na malaon nang ginagamit ng mga asendero para muling agawin ang kontrol sa lupa.

Susuhayan at palalakasin ng *block farming* ang sistemang aryendo na laganap na sa asyenda. Sa ilalim ng sistemang ito, "isinasanla" ng mga benepisyaryo ang kanilang mga parsela sa mga asendero kapalit ng napakababang upa.

Sa kasalukuyan, mayorya na ng mga tubuhan na dating ipinamahagi na sa ilalim ng CARP ang naibalik na sa kamay ng mga asendero. Sa Hacienda Luisita, "isinanla" na ng maraming benepisyaryo ang kanilang mga parsela sa mga alipures ng pamilyang Cojuangco-Aquino sa ilalim ng sistemang aryendo. Sa sistemang ito, binabayaran ng asendero ang magsasaka ng napakababang upa na P7,500 kada taon para sa pagtatanim ng tubo sa 0.66 ektaryang lupa.

Mismong si Benigno Aquino ang nagkumpirma na laganap ang sistemang aryendo sa Hacienda Luisita nang ipagtanggol niya kamakailan ang kanyang malapit na kaibigan at "kabarilang" si Virginia Torres. Kilala si Torres bilang "reyna ng aryendo" sa HLI. Inamin ni Torres na "umuupa" siya ng mga lupa sa loob ng asyenda, pero itinangging alam ito o iniendorso ni Aquino. Pero pagmamadali ni Aquino na ipagtanggol ang kaibigan laban sa mga paratang ng ismagling ng asukal, binuking niyang sangkot sa pagtatanim ng tubo si Torres sa HLI. Ani Aquino, bakit siya (Torres) tutulong sa ismagling ng asukal gayong malaki na ang ipinuhunan niya sa lokal na produksyon nito? Malaon nang alam ng mga magsasaka na pumeprente lamang si Torres para sa mga Cojuangco-Aquino.

Ipinagbabawal ng CARP ang pagpapaupa o pagbebenta ng lupang ipinamahagi na. Pero hindi nito napipigilan ang mga asendero at kanilang mga kasosyo na dahasin, takutin at linlangin ang mga magsasaka para pumasok sa maanomalyang mga kasunduan ng pagpapaupa ng kanilang mga lupa.

Sa Negros, kung saan malawak din ang mga asyendang nakatuon sa pagtatanim ng tubo, tinatayang umaabot na sa 80% ng mga lupang ipinamahagi ang naibalik na sa kontrol ng mga asendero sa pamamagitan ng ala-aryendong sistemang prenda. AB

APEC sa Manila

# Sabwatan at bangayan ng mga imperyalistang bayan

Makikita sa darating na APEC Summit ang tunggalian at sabwatan ng US at China. Magsasabwatan sila sa pagpapatuloy ng patakarang neoliberal at layunin din nilang magpaligsahan sa pakinabang dito sa rehiyon ng Southeast Asia at sa Pilipinas. Ito ang pahayag ni Jose Maria Sison, sa kanyang mensaheng pasasalamat sa Bagong Alyansang Makabayan, Aklat ng Bayan at Liga ng Kabataang Propagandista na nagsapubliko ng kanyang bagong aklat.

Dagdag pa niya, "Nagtutunggali sila dahil sa nais ng US na mas malaki ang pakinabang at mangingibabaw sa loob mismo ng China ang maka-US na malaking burgesya."

Nagkakarera sa loob ng APEC ang dalawang ipinanunukalang mga landas: ang Trans-Pacific Partnership (TPP) na pinaghaharian ng US at nagtatakda ng mas mahigpit na integrasyon ng maraming bayan sa rehiyong Asia-Pacific ngunit bumabakod sa China, at ang Regional Comprehensive Economic Partnership, na nakabase sa Association of Southeast Asian Nations (Asean) at mas maluwag ang mga kundisyon sa integrasyon kasama ang China pero wala ang US. Nananatili ang posibilidad na maidisenyo sa APEC ang pinaghalong mga panukala, na magiging mas malawak kaysa alinman sa dalawa.

Alin pa man sa mga ito ang mapagkasunduan, isinasagawa na sa taun-taong tulak ng APEC ang mga hakbang para sa panrehiyong integrasyon sa ekonomya. Ipinatutupad ang iba't ibang paraan kaya ganap na naipatutupad ang liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan at nawawasak ang natitira pang pambansang proteksyon sa mga yamang natural at tao ng mga di-maunlad na bayan.

### Maniobra ng US

Tinabig ng US ang China sa TPP dahil sa gusto nitong itulak ang pribatisasyon ng mga estratehikong empresang pag-aari ng estado ng China. Layunin ng US na madaling maipasok ang kanilang puhunan at ibayong ibukas ang pamilihan ng China.

Nagpapakita rin ang US ng patakaran ng pagpigil sa China sa paglipat o pagdagdag ng lakas militar ng US sa East Asia. Ang pwersang pinangungunahan ng US kabilang ang Japan, Canada at Australia ang mas nangingibabaw sa buong daigdig at determinadong kumpletuhin ang mga usapan sa TPP at makumpleto ang pagpihit ng US sa East Asia. Kabilang dito ang pagtitiyak ng EDCA sa Pilipinas upang madulas na maipusisyon ang mga pwersa nabal mula sa West Philippine Sea.

### Maniobra ng China

Sa kabilang banda, pinalalakas ng China ang pusisyon nito sa pagpapahigpit ng mga pang-ekonomyang relasyon sa Russia, India, at ibang estado sa South Asia at Central Asia sa loob ng lumalawak na Shanghai Cooperation Organization, at sa buong daigdig sa pamamagitan ng bagong-tayong BRICS (Brazil-Russia-India-China-South Africa) New Development Bank.




Noong Hulyo, pinangunahan rin ng China ang pagtatayo ng Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) kasama ang 49 na iba pang bayan sa Asia-Pacific, Europe, Africa at Latin America. May pito pang bansang nagpahayag ng kagustuhang sumapi rito—kabilang ang Pilipinas. Ganap na itong maitatayo sa katapusan ng 2015. Sa pagtatayo ng AIIB, layunin ng China na tapatan sa isang banda, at tuwangan sa kabilang banda, ang International Monetary Fund bilang isang bagong imperyalistang kasangkapan para sa mga plano nitong mamayani sa daigdig at maitakda ang mga kundisyon ng inter-rehiyong integrasyon.

Isa ring engrandeng proyekto ng China ang New Silk Road at Maritime Silk Road, isang ruta sa kalakalan na kinatatangian ng espesyal na imprastruktura na nagsisilbi para sa mahigpit na pang-ekonomyang integrasyon ng Asia at Europe. Binubuo ito ng mga haywey at riles ng pinakamodernong mabilisan at malalaking pampasahero at pangkargamentong tren na tumatawid mula China tungong Russia, Central Asia, hanggang Western Europe at Africa. Uugnay ang naturang sistema ng tren sa dagat papuntang Euope sa pamamagitan ng mga daungan ng Italy, Greece, at Turkey; hanggang sa Mediterranean, Red Sea, Arabian Sea, at kahabaan

ng Indian Ocean; hanggang sa Straits of Malacca at China Sea. Karugtong nito ang sistema ng mga riles na maguugnay sa Vietnam, Cambodia, Thailand, at Laos, ang $46 bilyong riles na tatawid sa hangganan ng China at Pakistan, at ang natapos nang riles na nakaugnay sa daungan ng Ethiopia sa bahaging Africa. Sa pamamagitan ng Silk Road, pumupusisyon ang China bilang sentro ng kalakalan habang tinatabig din ang US.

**Labanan ng mga salapi**

Lalong umiigting ang gera ng salapi. Kasama ang Russia, lalong lumalakas ang paghamon ng China sa dominasyon ng dolyar ng US bilang salapi ng pandaigdigang kalakalan. Layunin nitong pahinain ang dolyar at ang kapangyarihan ng US. Tuluy-tuloy na nagpapalaki ng reserbang dolyar ang China, mabilisang nagdidiskarga ng US Treasury Bills at nagtatayo ng mga sentro ng distribusyon ng yuan (salapi ng China) sa Europe at iba pang bahagi ng mundo. Kasabay nito, nagpapalakas ang China at Russia ng kalakalan na nakabase sa tuwirang palitan ng ruble (salapi ng Russia) at yuan. Pinalalakas din ang kalakalan sa pagitan ng Russia, Armenia, Belarus, Kazakhstan, Kyrgyzstan, Tajikistan at iba pang bansa sa Commonwealth of Independent States na hindi gumagamit ng dolyar o ng euro (salapi ng European Union).

**Hindi malutas-lutas na krisis sa daigdig**

Habang nagpapakulo ang US at China sa East Asia, patuloy ang paglubha ng krisis ng pandaigdigang kapitalismo. Hindi pa natatapos ang pinsalang dulot ng krisis ng 2008, nagsimula nang lumitaw ang mga palatandaan ng mas malaki pang krisis. Patuloy ang resesyon sa US. Sa malawak na saklaw, bumabagsak ang produksyon laluna sa China at pumuputok ang iba't ibang tipo ng bula sa pinansya, kabilang ang mga bula sa utang ng mga estado at sa mga palengke ng sapi at bono.

Noong Setyembre 25, pinagpasyahan ng pinakamalaking korporasyon ng pagmimina ng karbon ang pagtanggal ng 100,000 manggagawa. Bilang pangalawang pinakamalakas na ekonomya sa daigdig, ang tatlong sunud-sunod na debalwasyon o pagbababa ng halaga ng yuan noong Agosto 10-12 ay yumanig sa dolyar at sa iba pang salapi sa daigdig na nakatali kapwa sa dolyar at sa yuan. Diniskarga ng China ang di bababa sa $107 bilyong Treasury Bills ng US ngayong 2015 upang maglikom ng dolyar at kontrolin ang debalwasyon o pagbababa ng halaga ng yuan. Lumikha ito ng malaking ligalig sa US, sa pangambang magpapatuloy ang pagbagsak ng halaga ng yuan o sumunod ang pagbagsak ng iba pang salapi. Batay sa taya ng mga ahensya sa pinansya, hawak ng China ang $1.48 trilyon ng utang ng US sa anyo ng Treasury Bills.

Hindi nalulutas ng mga imperyalista ang mga problema ng kanilang sistema. Umiigting ang pang-aapi at pagsasamantala sa mga anakpawis sa mga imperyalistang bayan at mga di-maunlad na bayan. Mismong mga imperyalista ay nagbabangayan at nagkakasundo lamang sila kung naipapasa nila ang pasanin na krisis sa mga anakpawis at mahihirap na bayan. Ang APEC ay isa lamang larangan ng pagkakasundo at pagbabangayang ito. Walang patutunguhan ang pagpapahirap sa masang anakpawis kundi ang pagsiklab at paglaganap ng kanilang pakikibaka. AB

---


## Makadayuhang amyenda sa batas sa pangisdaan, tinutulan

SUNUD-SUNOD ang mga kilos-protesta nitong nagdaang mga linggo ng mga mangingisda at opereytor laban sa RA 10654 o batas laban sa iligal na pangingisda at mga amyenda sa Fisheries Code ng 1998.

Nitong Setyembre 2-3, inilunsad ang tinawag na Fish Holiday o tigil-paglalayag. Lumahok ang mga mangingisda, malalaking kumpanya at mga palengke sa Quezon, Camarines Norte at iba pang bahagi ng Bicol sa pagtigil sa paghango ng isda. Sa Navotas, bumagsak ang panindang isda mula 100 tonelada tungo sa kulang sa 10 tonelada noong mga araw na iyon. Nagmartsa naman noong Setyembre 3 ang nasa 1,000 mula Quirino Grandstand hanggang sa tapat ng Senado sa Maynila.

Noong Setyembre 22-23, inilunsad naman ang katulad na aksyong protesta ng 20 malalaking opereytor ng pangisdang komersyal sa Western Visayas. Isinabay ito sa isinagawang Ministerial Meeting on Small and Medium Enterprises ng APEC sa Iloilo City.

Bago pa nito, inilunsad ng Anakpawis-National Capital Region noong Agosto 29 ang pagtitipon ng apektadong maliliit na mangingisda at opereytor sa Navotas laban sa RA 10654 na inilarawang "pagpihit ng sektor ng pangingisda tungo sa aquaculture (mga palaisdaang komersyal) na nakatuon sa eksport."




Ang RA 10654 ay isinabatas matapos maghigpit ng mga patakaran ang Euro-

pean Union (EU) sa pag-aangkat ng isda. Isinangkalan nito ang diumano'y mataas na bilang ng mga insidente ng iligal, di iniuulat at di hinahangganang pangingisda na labag sa patakaran nitong Council Regulation No. 1005/2008. Nagbanta ang EU noong Hunyo 2014 na ititigil ang importasyon ng isda mula sa Pilipinas. Pinaspasang ipasa ng kongreso at senado ang RA 10654 noong katapusan ng 2014.

Ang RA 10654 ay nagkabisa noong Pebrero 27. Inamyendahan nito ang batas sa pangisda o RA 8550 bilang pagsunod sa patakaran ng European Union. Itinaas nito ang multa sa dati nang pinagbawal na pangingisda sa loob ng 15 kilometro mula sa baybayin at ang paggamit ng mga lambat at iba pang "aktibong kagamitan." Lalo nitong nililimitahan ang dami ng isdang maaaring hanguin mula sa itinakdang pinahihintulutang lugar.

Malinaw na ang pagpapatupad sa batas ay alinsunod sa dikta ng dayuhan sa kapinsalaan ng milyun-milyong maliliit na mangingisda at opereytor sa bansa.

"Hindi totoong makikinabang ang mga maliliit na mangingisda sa mga amyenda dahil kahit sa pangisdang pangmunisipalidad, itinaas ang multa nang hanggang P30,000, habang sa maliliit at katamtamang-laking pangisda (naman) ay hanggang P9 milyon at P15 milyon...," ayon kay Fernando Hicap, kinatawan ng Anakpawis.

"Gustong wasakin ng gubyerno ang kabuhayan ng napakaraming maliliit na mangingisda at opereytor, para masolo ng malalaki at dayuhang komersyal na mangingisda ang yamang dagat ng bansa, at mamonopolisa ng malalaki at dayuhang negosyante sa *aquaculture* ang sektor" dagdag niya.

Binatikos ng Anakpawis ang Fisheries Code bilang ugat ng lumalalang kalagayan ng mga mangingisda, na itinuturing na "pinakamahirap sa mahihirap." Kumikita lamang ang karaniwang pamilyang mangingisda ng P190 kada araw. AB

# Pakikibaka kontra-pribatisasyon sa Maynila, tagumpay

SABAY-SABAY na isinara ng mga manininda ang kanilang mga pwesto sa limang palengke ng Trabajo, Sampaloc, San Andres, Sta. Ana at bahagi ng Quinta para magdaos rali sa harap ng City Hall ng Maynila. Nakiisa sa rali ang mga manininda ng palengke ng Paco at Dagonoy at mga maglalako sa Rizal Park, Pedro Gil, Padre Faura at Manila Bay area. Sa pakikipagnegosasyon nila sa alkalde ng Manila na si Joseph Estrada, nakamit nila ang isa sa kanilang mga kahilingan—ang pagpigil ng pribatisasyon ng mga pampublikong pamilihan.

Ikalawang pagkilos na ito ng Save Manila Public Market Alliance (SAMPAL) sa paglaban sa panukalang isapribado ang 17 pamilihang bayan ng lunsod. Nanawagan ang alyansa na ibasura ang City Ordinance 8346 o Joint Venture Agreement (JVA) at ang pagtanggol ng kabuhayan para sa maliliit na manininda at hindi sa iilang pribadong kumpanya. Nanawagan din sila na imbes na pribatisasyon ay iangat ang kalagayan ng pampublikong mga pamilihan.

Dagdag sa pagpigil sa pribatisasyon, naigiit rin ng mga manininda ang pagtatakda ng kanilang mga bayarin alinsunod sa umiiral na batas. Dahil dito, hindi maaaring itaas ang mga singil sa pwesto sa unang dalawang taon at lilimitahan sa 5-10% ang maaaring idagdag sa susunod pang mga taon.

Hindi rin itutuloy ang demolisyon sa pamilihang bayan ng Sta. Ana at ibang palengke na "nasa maayos pang kundisyon."

Malaking tagumpay ang pagatras ni Estrada sa negosasyong isinagawa ng mga manininda. Hindi niya inasahan ang malawakang pagtutol, lalo na't hindi ikinunsidera sa pakanang pribatisasyon ang pamumuhunan ng mga may pwesto na hindi lamang malulugi dahil sa pagtaas ng buwis kundi sa pagkawala mismo ng pwesto nila. Walang katiyakan kung kikilalanin ito ng papalit sanang pribadong konsesyoner kapag umandar na muli ang pamilihan. Tinataya na may 50,000 maglalako sa kalsada ang mawawalan rin ng trabaho dahil sa JVA.



Samantala, isinagawa ng mga manininda at may pwesto sa palengke ng San Andres ang isang *noise barrage* noong Oktubre 1 laban sa isang karagdagang kasunduang ipinapatupad ng pamahalaang lunsod. Kumokontra umano ang kasunduan sa napagkaisahan sa pakikipag-usap kay Estrada noong Setyembre 12, kung saan nakasaad na mananatiling pamilihang pampubliko ang San Andres Market. Tinalakay ang mga nakasaad sa kasunduang karagdagan sa isang pampublikong konsultasyon na hindi dinaluhan ng mga manininda bilang pagpapakita ng pagtutol sa JVA. Malinaw na hindi tumutupad ang meyor sa mga pangako niya sa dayalogo na isinagawa sa araw ng "market holiday" o tigil-benta.

Matagal nang pinaiiral ang pribatisasyon ng pampublikong mga pamilihan sa iba't ibang lungsod. Ilan sa malalaking korporasyong nakakuha ng konsesyon ay ang Titanium Corporation (may-ari din ng grupo ng mga paupahan kabilang ang Legend Hotel at nagpapatakbo ng palengke sa Mayon St., Quezon City) at ang kumpanya ni Henry Sy. Nabili na rin ang Balintawak Market ng grupong Ayala. AB

# Mga biktima ng kalamidad sa EV, nagprotesta

LALONG tumitindi ang galit ng mamamayan sa Eastern Visayas dahil sa sobra-sobrang kapabayaan ng rehimeng US-Aquino sa mga biktima ng Yolanda at sumunod na mga bagyo. Pangunahin sa ikinagagalit nila ang mabagal at arbitraryong pamimigay ng P30,000 na Emergency Shelter Assistance (ESA), na dapat noon pang Nobyembre 2013 ibinigay sa kanila.

Maraming nakaligtas sa Yolanda ang tinanggal ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa listahan ng mga benepisyaryo, habang pinahirapan ang mga nasa listahan na makakuha ng benepisyo dala ng napakaraming dokumentong rekisito. Hindi rin binibigyan ng ESA ang mga biktimang kumikita ng mahigit P15,000 bawat buwan, mga nakatira sa sa "di ligtas na mga lugar" at nakatanggap na ng temporaryong pabahay at iba pang tulong sa kamag-anak, ahensya o organisasyon.

Masahol pa, nagkukutsabahan ang DSWD at mga usurero sa raket na "kase-kase“, kung saan ibinibigay ang ESA sa mga usurero at ipinapautang ito sa mga tukoy na benepisyaryo sa 16% na interes.

Ayon mismo sa mga estadistika ng gubyerno, nasa 73,000 pamilya pa lamang sa kabuuang 205,000 pinakamahihirap na pamilya ang nabigyan sa pondong pabahay ng rehimen. Ibig sabihin, malaking mayorya o 132,000 sa mahihirap na pamilya ang nananatiling walang bahay. Halos dalawang taon matapos sila sinalanta ng superbagyo, nakatira pa rin sila sa mga kubol at temporaryong tirahan sa Tacloban at iba pang lugar. Ito ay dahil sangkatlo o P21 bilyon pa lamang sa P75 bilyong pondo na nakalaan para sa rekonstruksyon ng mga bahay ang inilabas ng rehimeng US-Aquino sa mga lokal na gubyerno.

Noong Setyembre 7, mahigit 600 na mamamayan sa pamumuno ng People Surge ang nagrali sa munisipyo sa Julita, Leyte upang manawagan sa meyor at igiit sa DSWD na bigyan sila ng ESA. Hindi kasama ang Julita sa listahan ng mga bayang tatanggap ng ESA. Matindi ang galit ng mamamayan dahil sa kapabayaang ito sa kabila ng kanilang natamong malalaking pinsala. Bago nito, nagrali din ang 4,000 na mamamayan sa Basey, Samar upang kundenahin ang matagal at arbitraryong pamimigay ng ESA.

Nagbubuo ng pagkakaisa ang mga lokal na gubyerno at mamamayan laban sa pakana ng DSWD at rehimeng Aquino na hawakan ang pondo sa ESA at ang iba pang tulong sa mga biktima ng kalamidad. Gayundin, sinisingil ng People Surge, ang organisasyon ng mga nakaligtas sa Yolanda, ang DSWD sa nailantad na halos P400 milyon na pondo para sa mga biktima na nananatili lamang sa bangko. Nagbubuo na rin ng pagkakaisa ang People Surge sa mga biktima ng mga bagyong Ruby at Senyang upang itulak ang interes ng mamamayan laban sa kapabayaan ng rehimeng Aquino.




## Internasyunal na araw ng protesta, inilunsad

INILUNSAD ng mga pambansa-demokratikong grupo at mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa loob at labas ng bansa ang internasyunal na araw ng protesta noong Setyembre 21. Ang koordinadong mga aksyon ay bahagi ng serye ng mga protesta at pagkilos laban sa nagpapatuloy na militarisasyon at mga paglabag sa karapatang-tao ng mga Lumad, ibang katutubo at mga sibilyan sa ilalim ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino. Itinaon ang pagkilos sa paggunita sa ika-43 anibersaryo ng Batas Militar.

Sa Metro Manila, nagtungo ang mga grupo sa Mendiola para ipanawagan ang kagyat na pagtigil ng mga pamamaslang *(#stopLumadkillings)* at papanagutin ang rehimeng US-Aquino sa papel nito sa tumitinding pasismo ng estado.

Kasamang nagrali si Michelle Campos, anak ni Dionel Campos, pinuno ng MAPASU na brutal na pinaslang ng mga grupong paramilitar noong Setyembre 1. Kasama rin sa rali si Andrea Rosal, anak ng yumaong tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, para ipanawagan ang pagpapalaya sa mahigit 700 pang detenidong pulitikal sa bansa.

Nagkaroon din ng katulad na mga rali sa Baguio, Davao, Cagayan de Oro, Bicol at iba pang lugar. Pinangunahan naman ng Bayan at mga pambansa-demokratikong organisasyon sa ibayong-dagat at Migrante ang mga pagkilos sa US at Europe.

Noong Setyembre 24, nanawagan ang Human Rights Watch (HRW) ng mabilis na tugon kaugnay sa mga pang-aatake sa mga Lumad, pagbubuwag ng mga grupong paramilitar at pagparusa sa mga sundalong sumusuporta sa kanila. Ang HRW ay nakabase sa New York, USA.

# Sundalo ng 26th IB, nabihag sa Agusan Sur

Isang sundalo ng 26th IB ang inaresto ng Bagong Hukbong Bayan-Western Agusan Norte-Agusan Sur (BHB-WANAS) Subregional Command noong Setyembre 19 sa Km.16, Barangay Policarpo, San Luis, Agusan del Sur. Nabihag si Sarhento Adriano Delapeña Bengil (Serial Number: 831966), tumatayong tim lider ng isang Peace and Development Team (PDT) ng 26th Infantry Battalion habang nagsasagawa ng mga operasyong saywar sa Mahagsay, Agusan del Sur.

Noong Setyembre 20, bandang alas 4:30 ng umaga, pinasabugan ng isang yunit ng BHB gamit ang *command-detonated explosive* ang isang platun ng 26th IB na tumutugis sa yunit na umaresto kay Bengil. Dalawang sundalo at isang myembro ng Civilian Armed Auxilliary (CAA) ang napatay at apat ang nasugatan.

Noong Setyembre 21, bandang 6:45 ng umaga, isang tim ng BHB ang nangharas sa isang kolum ng 26th IB sa kabundukan ng Kamingawan, Barangay Balit, San Luis. Lima ang namatay at hindi mabilang na mga sundalo ang nasugatan.

Pinapurihan ni Ka Allan Juanito, tagapagsalita ng BHB-North Central Mindanao Regional Command, ang matagumpay na pagtatanggol ng BHB laban sa mga atake ng militar. Inilinaw rin niya na "tulad ng ginawa namin sa POW nang nakaraang taon at sa nabihag na sundalo ng 58th IB noong Hulyo sa Alagatan, Gingoog City, ... pormal siyang palalayain bilang isa pang pagpapahayag ng mabuting loob at sinseridad sa paghahangad ng pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa rehimeng Aquino."

Nagpaabot ng katiyakan ang BHB sa pamilya ni Sgt. Bengil at sa publiko na tinatrato siyang mabuti at agad na makauuwi oras na pinahihintulutan ng kalagayan ang ligtas at maayos na pagpapalaya sa kanya. Ang makadaragdag lamang na banta sa kanyang kaligtasan ay ang mga operasyon ng AFP.

Dalawang sundalo naman ang binihag ng BHB sa Compostela Valley noong Setyembre 30, ala una ng hapon, sa isang tsekpoynt sa Barangay Casoon sa Monkayo, Compostela Valley. Nagmula sina Pfc. Niño L. Alavaro at Pfc. Marjon S. Anover sa hedkwarters ng Philippine Army sa Banlag, Monkayo at papunta sa operasyong militar sa kanilang erya. Nasamsam ng BHB ang tig-isang kalibre .45 pistola mula sa kanila.

Ipinahayag ni Aris Francisco, tagapagsalita ng BHB-Comval-North Davao South Agusan Subregional Command na inaresto nila sina Alavaro at Anover na kapwa kabilang sa nag-ooperasyong tropa ng 25th IB, para sa kanilang papel kaugnay ng mga kabuktutan ng kanilang yunit laban sa mga mamamayan.

"Itinayo ng BHB ang tsekpoynt bilang tugon sa mga kalupitang ginawa ng 25th IB. Ang pasistang tropang Army ay gumawa ng mabibigat na paglabag sa karapatang tao sa mga baryo nang hinalughog nila ang ilang bahay, kinampuhan ang mga sentro nito, inilunsad ang seryosong digmang sikolohikal at inaresto ang mga sibilyan batay sa gawa-gawang mga kasong kriminal. Ito rin ang yunit-militar na dumukot at nagtortyur hanggang mamatay ang tatlong Pulang mandirigma sa Montevista, Compostela Valley noong nakaraang taon," ani Francisco.

Ayon sa pahayag ni Francisco, ang mga inaresto ay isasailalim sa imbestigasyon bilang bahagi ng prosesong hudisyal alinsunod sa mga prinsipyo ng rebolusyonaryong hustisya." Sinabi rin ni Francisco na sa ilalim ng mga alituntunin ng digmaan, tungkulin ng *custodial unit* na tiyakin ang makatao at maluwag na pagtrato sa kanila.

Samantala, nireyd noong Hulyo 29 ng mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command ang mga goons ng dinastiyang Tan sa Barangay Parek, Matuguinao, Western Samar. Dalawang ripleng M16 at isang kalibre .45 na pistola ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma. Ang aksyong militar ay pagparusa sa dinastiyang Tan na makapangyarihan sa prubinsya at matagal nang lumalabag sa mahigpit na pagbabawal ng demokratikong gubyerno sa paggamit ng goons at pandarahas sa mamamayan. AB



# Mag-asawang magsasaka, pinaslang sa Bulacan

Sa gitna ng galit at kundenasyon ng mamamayan sa sunud-sunod at brutal na pagpaslang sa mga Lumad at sibilyan, walang kakurap-kurap na pinaslang ng mga armadong ahente ng estado ang mag-asawang magsasakang lider ng kanilang komunidad sa San Jose del Monte, Bulacan. Kasabay nito ang wala pa ring awat na panggigipit sa mga aktibista ng pambansa-demokratikong kilusan, mga katutubo at mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

**Bulacan.** Binaril ng nakamotorsiklong kalalakihan ang mag-asawang Lucila at Roger Vargas habang pauwi sila sa kanilang bahay sa San Isidro, San Jose del Monte noong Setyembre 19. Aktibo ang mag-asawa sa Nagkakaisang Samahan ng Magsasaka sa San Isidro at Alyansang Magbubukid sa Bulacan, mga organisasyong kaugnay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Tinamaan si Roger sa ulo at agad na namatay. Nakatawag pa si Lucila sa kapwa magsasakang si Cecil Rapis para sabihing nakilala niya ang bumaril sa kanila pero namatay siya bago mapangalanan ang mga salarin.

Isang araw bago nito, binantaan ang mag-asawa ng mga gwardyang nagpakilala bilang mga tauhan ng pamilyang Singson ng Ilocos Sur. Nakatira ang mag-asawa sa 2.5 ektaryang lupa na bahagi ng 11-ektaryang lupang inaangkin ng mga Singson.

**Cagayan.** Dinukot ng mga elemento ng 17th IB ang isang katutubong Aggay sa Barangay Masi, Rizal noong Oktubre 3. Ayon sa kanyang pamilya, sapilitang pinalabas ng mga sundalo sa kanyang kubo ang may sakit na si Leonor Danao at pinaglakad sa ulan noong madaling araw ng Oktubre 3 mula Barangay Masi tungong Barangay Gagamutan bago siya isinakay sa sasakyan ng militar.  Bago siya tinangay, hinalughog muna ng mga sundalo ang kanyang kubo kung saan natagpuan diumano ang isang "baby armalite." Dinala siya sa presinto sa Rizal at sinampahan ng gawa-gawang kaso.

**Iloilo.** Labing-isang raliyista ang iligal na inaresto noong Setyembre 22 habang nagpoprotesta laban sa pagkaltas sa badyet ng Universitty of the Philippines (UP). Nagmamartsa noon ang 500 estudyante, guro ng UP at kanilang mga tagasuporta mula sa kampus tungong Gen. Luna St nang pigilan sila ng daan-daang pulis.

Kabilang sa mga inaresto ang dalawang guro ng UP-Visayas na sina Erick Aguilar at Gretchen Velarde at mga lider ng pambansa-demokratikong organisasyon at progresibong simbahan. Kinasuhan sila ng *illegal assembly* at civil *disobedience* at idinetine sa Iloilo City Police Station 1 bago pakawalan noong araw ding iyon.

Kinundena ng mga mag-aaral ng unibersidad ang pang-aaresto at paggamit ng napakaraming pulis, na anila'y bahagi ng papahigpit na hakbanging panseguridad na preparasyon para sa pagdaraos ng mga pulong ng mga lider ng Asia Pacific Economic Cooperation sa syudad. Ayon sa mga nagprotesta, ipinaglalaban nila ang kanilang karapatan sa edukasyon na labis-labis na pinababayaan ng rehimeng US-Aquino. Nakatakdang kaltasan ng P2.2 bilyon ang badyet ng buong sistema ng UP mula P13.14 bilyon sa 2015 tungong P10.9 bilyon sa 2016.

**Nueva Ecija.** Pinatawan ng Pasig City *regional trial court* noong Setyembre 17 ng parusang habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng *parole,* sina Emeterio Antalan at Leopoldo Caloza sa gawa-gawang kaso ng pagpatay. Sina Antalan at Caloza ay mga konsultant ng NDFP na iligal na inaresto sa Nueva Ecija. Mahigpit na kinundena ng NDFP ang pagsesentensya sa dalawa, at ipinanawagan sa rehimen na tigilan na ang pagpataw ng gawa-gawang mga kaso sa mga konsultant nito, at ang kriminalisasyon sa mga salang pampulitika. AB

## Mga manggagawa ng Tanduay, muling dinahas

SINALUBONG ng mga putok ng baril ang mga nagpuprotestang manggagawa ng Tanduay Distillers Inc at kanilang mga tagasuporta noong Setyembre 22. Nagmamartsa sila patungong Gate 2 ng Asia Brewery Complex sa Cabuyao, Laguna nang pagbabatuhin sila ng mga gwardya. Binomba rin ng tubig mula sa isang trak ng bumbero ang kanilang hanay. Samantala, ang mga manggagawang nasa dulo ng martsa ay tinangkang sagasaan ng mga pulis na armado ng matataas na kalibreng armas.

Iginigiit ng mga manggagawa ang pagpapatupad ng kautusan ng Department of Labor and Employment (DOLE) na gawin silang regular na mga manggagawa ng Tanduay. Noong Setyembre 8, pinagtibay ng kalihim ng DOLE ang unang desisyon ng panrehiyong upisyal nito na nag-uutos na gawing regular ang mga manggagawa sa Tanduay. Patuloy na tumatanggi ang maneydsment ng Tanduay na kilalanin at ipatupad ang kautusang ito.

Bago nito, nagtungo sa pabrika ng Nestle ang mga manggagawa para gunitain ang ikasampung anibersaryo ng pagkamatay ni Diosdado Fortuna (Ka Fort), presidente ng unyon ng mga manggagawa sa Nestle. Pinaslang si Ka Fort sa kasagsagan ng pakikipaglaban ng kanilang unyon para sa dagdag na sahod at mga benepisyo. AB

# Gera ng estado laban sa Lumad, nagpapatuloy

Nagpapatuloy at lalong lumalawak ang militarisasyon sa mga komunidad ng Lumad at lantarang mga paglabag sa kanilang mga karapatan. Ito ay sa kabila ng pagbubukas ng imbestigasyon ng Senado noong Oktubre 1 at pangangalampag ng mga lider-Lumad sa Commission on Human Rights noong Setyembre 24.

**Teror at batas militar**

Sa Surigao del Sur, nagbakwit ang 1,000 Manobo mula sa mga sityo ng Luknodon, Palunpon at San Roque ng Barangay Mahaba sa Marihatag noong Oktubre 2. Ayon sa mga residente, unang dumating ang mga sundalo sa kanilang mga komunidad noong Oktubre 1. Sa araw na iyon, dumating din sa kanilang baryo ang grupong Magahat-Bagani na pinamumunuan ng isang Bobby Tejero. Kinuha ni Tejero ang mga pangalan ng mga residente at pinagtatanong sila kung sinu-sino sa kanila ang "mga NPA."

Sa pangambang maganap sa kanila ang isinagawang masaker ng grupong paramilitar sa Lianga, nagdesisyon ang mga Lumad na agad na lumikas sa sumunod na araw. Tumungo sila sa Marihatag Municipal Gym at nagpakupkop sa alkalde ng bayan. Dagdag sila sa mahigit 3,000 mga bakwit na Lumad na nakatigil sa Tandag City.


Sa White Kulaman, Kitaotao, Bukidnon, pwersahang ipinasasara ng kapitan ng barangay at ng militar ang lokal na eskwelahang Lumad sa pagdadahilang pinatatakbo ito ng "mga NPA." Noong Oktubre 1, iniutos ni Felipe Cabugnason ang pagsasara ng Fr. Fausto Tentorio Memorial School na pinatatakbo ng relihiyosong grupong Mindanao Interfaith Services Foundation Inc. Idinadahilan rin ng Cabugnason na walang permit ang eskwelahan mula sa lokal na konseho.

Mahigpit na tinutulan ng mga guro at administrador ang kautusang ito ng kapitan, lalupa't kasama mismo ang naturang kapitan sa pagkuha ng akreditasyon mula sa Department of Education noong nakaraang taon. Itinayo ang eskwelahan alinsunod sa hiling ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Barangay White Kulaman (NAMABAW), ang lokal na organisasyon ng mga magsasaka.

Matatandaang noong Agosto 26, iligal na inaresto ang 13 myembro ng NAMABAW at sapilitang isinakay sa mga helikopter patungong Malaybalay City. Ibinasura ng korte ang mga kasong rebelyon at illegal possession of firearms laban sa 13 at iniutos ang agad nilang paglaya.

Bago nito, tinangka ni Cabugnason na pigilan ang 300-kataong fact-finding mission na tumungo sa White Kulaman para isadokumento ang mga paglabag sa karapatang-tao sa lugar noong Setyembre 16-18.

Sa ulat ng Help Kitaotao Mercy Mission, animo'y nakapailalim sa batas militar ang buong barangay. Ginawa nang baraks ng mga sundalo ang *barangay hall.* Hinihigpitan ng mga sundalo ang mga kilos at aktibidad ng mga residente, gayundin ang labas-pasok ng mga rekurso, kabilang ng mga produkto at pagkain. Ipinagbawal kahit ang pagtext sa *cellphone,* o pagbebenta ng *load*. Dahil dito, mahigit 55 pamilya na ang lumikas sa lugar. Karamihan sa kanila ay nakitira sa kanilang mga kamag-anak sa Arakan Valley, North Cotabato.



**Mga pekeng datu ng AFP**

Kinundena ng mga Lumad na biktima ng pasismo at brutalidad ng estado ang pagpresinta ng AFP ng pekeng mga datu para palabasing gera lamang sa pagitan ng mga angkan ang naganap na mga masaker, ekstrahudisyal na pamamaslang at militarisasyon sa kanilang mga komunidad. Hindi lamang mga pekeng datu sina Nestor Apas, Rico Maca at Marcial Belandres. Ang mga ito ay mga lider ng mga grupong paramilitar na armado at direktang bahagi ng mga operasyon ng AFP. Sa *press conference* na isinagawa ng militar para sa tatlong "datu," animo'y ipinangalandakan pa nito ang kontrol ng militar sa mga grupong paramilitar.

Si Apas ay kilalang lider ng Alamara, ang grupong paramilitar na sangkot sa panggigipit sa eskwelahan sa Davao del Norte at sa tangkang "pagsagip" ni Nancy Catamco sa mga Lumad sa Haran Compound noong Hulyo. Si Apas din ang nagpasimuno sa pagsasampa ng gawa-gawang kaso ng iligal na detensyon at kidnapping sa mga tagasuporta ng mga bakwit. Noong Setyembre 8, ibinasura na ng prosekusyon ang mga kaso dahil sa kawalan ng ebidensya. Si Maca ay myembro ng grupong paramilitar na pinamumunuan ni Hasmin Acevedo na naghahasik ng takot sa mga komunidad sa San Miguel, Surigao del Sur. Si Belandres na-

man ay kilalang myembro ng Magahat-Bagani at kabilang sa pumatay sa lider-Lumad na si Henry Alameda sa Sityo Cabalawan, San Isidro, Lianga noong Oktubre 24, 2014.

Inamin mismo ng mga pekeng datu na bahagi sila ng Whole Nation Initiative (WNI), isang kontra-Lumad at kontra-sibilyang iskema na nakapaloob sa Oplan Bayanihan. Napag-alaman ng mga grupong nagtataguyod ng karapatang-tao na katulad ng Oplan Bayanihan, ang WNI ay binalangkas alinsunod sa payo at direksyon ng US Joint Special Operations Task Force. Ang naturang yunit-militar ng US ay permanenteng bumase sa Mindanao mula pa 2002.

### Internasyunal na presyur

Samantala, muling tinanggihan ng rehimeng US-Aquino ang paulit-ulit nang hiling ng tatlong imbestigador ng United Nations na bumisita sa bansa para makita ang kalagayan ng biktima ng militarisasyon at mga paglabag sa karapatang-tao.

Ipinahayag nina Victoria Tauli-Corpuz, UN Special Rapporteur on the rights of indigenous peoples at Michel Forst, UN Special Rapporteur on the situation of human rights defenders na "hindi katanggap-tanggap, kakunde-kundena at labag sa internasyunal na batas sa karapatang-tao at internasyunal na makataong pamantayan ang okupasyon ng militar sa anumang sibilyang insitusyon, at ang pamamaslang sa mga sibilyan, laluna sa mga lugar tulad ng mga eskwelahan na dapat ligtas na mga silungan ng mga bata sa anumang klase ng karahasan."

Muling ipinaabot ni Forst ang kanyang paulit-ulit nang hiling na bumisita sa bansa para tasahin ang sitwasyon at personal na makita ang kalagayan ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao. Nagpaabot rin ng katulad na hiling si Christof Heyns, UN Special Rapporteur on extrajudicial, summary or arbitrary executions. AB

## Bulok na pananaw ng mga bulok na pulitiko

UMANI ng matinding batikos ang ginawa ng isang kongresista noong Oktubre 1 sa Laguna na pagpapasayaw ng malaswa ng inupahang grupo ng kabataang kababaihan sa harap ng publiko. Pinagsayaw ni Rep. Benjamin Agarao sa pagdiriwang ng kanyang kaarawan ang mga babaeng "regalo" diumano ng isa ring pulitiko, si MMDA chairman Francis Tolentino.

Pinasimulan sa internet ang isang petisyon na humihiling na panagutin si Aquino bilang pinuno ng estado at tagapangulo ng Liberal Party (LP). Hiningi rin ng grupo na "imbestigahan sina Sec. Mar Roxas, Tolentino at Agarao at papanagutin kung mapatunayang may sala," dahil nilabag nila ang ilang seksyon ng batas na nagbabawal "sa pagtatanghal sa kababaihan sa paraang may diskriminasyon, nakapababaaba at mapanira."

Itinanggi ni Tolentino na siya ang nag-"regalo" matapos ulanin ng batikos sa internet. Sinabi naman ni Agarao na wala siyang nakikitang malaswa sa pagtatanghal. Sa internet, marami ang nagsabing "kakutya-kutya" at "bastos" sina Tolentino at Agarao sa pagturing sa mga babae bilang mga "regalo."

Kinastigo ng Gabriela si Tolentino: "Itinuturing mo ang mga babaeng ito bilang mga bagay nga pwedeng ipangregalo? Kahiya-hiya ka."

Wika pa ng Gabriela, "sa kabila ng pagtatanggi ni Tolentino, nariyan ang katunayan na hindi siya kinilabutan sa pangyayari at ni walang mabuting asal para patigilin ang palabas nang napakalinaw na nagiging malaswa na ito. Kahit si Rep. Agarao ay hindi nakakakita ng mali sa palabas at natuwa pa sa panonood nito."

Ang pagpapasayaw ay ginawa matapos ang pagpapasumpa sa 80 upisyal ng LP sa bahay ni Agarao, at sa harap ng publiko na may mga estudyante, kababaihan at menor de edad.

## Magsasaka, pinatay ng mga sundalo sa Samar

PINATAY ng mga pasistang tropa ng 87th IB noong Agosto 19 ang magsasakang si Generoso Gabane, 46, sa Barangay Caulayanan, Motiong, Samar. Nangongopra si Gabane, kasama ang kanyang pamangkin na si Michael, 26, nang pagbabarilin sila ng mga militar. Naglulunsad noon ang 15 sundalo ng operasyon laban sa isang yunit ng BHB. Agad na napatay si Gabane. Pinagbubugbog ng mga sundalo ang sugatang si Michael at sapilitang isinama sa kanilang operasyon.

Upang pagtakpan ang kanilang krimen, pinalabas ng 87th IB sa midya na "mga NPA" ang dalawang magsasaka. Matapos nito ay nang-iinsulto pang namigay ng mga *relief goods* ang mga sundalo sa barangay. Hindi pa rin pinapakawalan ng mga sundalo si Michael Gabane, samantalang pursigidong magsasampa ng kaso ang pamilya ni Generoso Gabane at tinanggihan ang alok na "tulong" ng militar.

Nitong Setyembre 14, inapak-apakan at sinira ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 87th IB ang aanihing palay ng mga magsasaka sa Mabini, Basey, Samar. Nagkampo sa baryo ang mga sundalo na labag sa internasyunal na makataong batas at ginigipit rin ang mga residente na inaakusahang tagasuporta ng BHB.



Ilalathala ng *Ang Bayan* ang pang-apat na bahagi sa serye ng mga artikulo kaugnay sa National Security Strategy ng US sa susunod na isyu.